Pangalan: Abubacar Makanunog
Paksa ng Khutbah: "Ang Biyaya Ni Allah"
Isinaayos ni: Michael 'Mujahid' Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim."*** (Alo 'Imran: 102)

Mga alipin ng Allah, isinalaysay ni 'Umar Ibn Al-Khattab (radiyallahu 'anhu) na dumating kay Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ang mga bihag ng digmaan, at nakita niya ang isang babae mula sa mga bihag na nagpapasuso ng isang sanggol sa kanyang dibdib. Sa tuwing may makita siyang sanggol sa mga bihag, kinukuha niya ito at pinapasuso sa kanyang dibdib. Sinabi ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) sa amin, "Sa tingin ninyo ba, itatapon ng babaeng ito ang kanyang anak sa apoy?" Kami ay sumagot, "Hindi, kung kaya niyang pigilan ang sarili na huwag gawin ito." Pagkatapos ay sinabi ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam), "Si Allah ay higit na maawain sa Kanyang mga alipin kaysa sa babaeng ito sa kanyang anak." (Inulat ni Al-Bukhari)

Mga kapatid sa Islam, si Allah ay higit na maawain at mahabagin sa Kanyang alipin kaysa sa isang ina sa kanyang sariling anak. Sa kabila ng ating mga pagkakasala sa Kanya, tayo ay Kanyang patuloy na binibiyayaan at pinatatawad sa ating mga kasalanan sa tuwing tayo ay nagbabalik loob sa Kanya. Umabot man ang ating kasalanan sa langit, sindami man ito ng mga bula sa dagat, at mapuno man nito ang Mundo, si Allah ay laging naririyan upang magpatawad sa atin.

Nilikha tayo ni Allah bilang *Khalifa sa lupa* at ginawa tayong Muslim na kabilang sa Ummah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Nilikha Niya ang Mundo at ang lahat ng nilalaman nito para sa atin; ang mga dagat na nilalanguyan ng sari-saring isda, mga ilog na rumaragasa, mga balon na ating matatagpuan maging sa mga disyerto, tubig-ulan na pumapatak mula sa ulap, at iba pang mga pinagmumulan ng tubig na ating pinakikinabangan sa ating mga pang-araw-araw na pamumuhay. Maliban pa sa mga anyong tubig na ito ay lumikha rin Siya ng mga halaman at punong-kahoy na namumunga ng mga masasarap at masusustansiyang prutas. Ito rin ay nagagamit natin sa pagpapatayo ng ating mga tahanan at paggawa ng ating mga kagamitan. Lumikha rin Siya ng mga hayop na siya ring pinagmumulan ng karneng ating kinakain at ang mga balat nito ay ating nagagamit sa paggawa ng ating mga kasuotan lalo na sa panahon ng taglamig. Ang lahat ng mga bagay na nakapaligid sa atin at ang lahat ng mayroon tayo ay mga biyaya ni Allah na kung ating bibilangin ay hindi natin kayang bilangin. Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ وَإِن تَعُدُّواْ نِعْمَةَ ٱللَّهِ لَا تُحْصُوهَآ ﴾ النحل:18

*“**At kung inyong bibilangin ang biyaya (sa inyo) ni Allah ay hindi ninyo kayang bilangin.”*** (An-Nahl: 18)

Kung kaya’t nararapat lamang sa isang tao na siya ay laging magpasalamat kay Allah sa pamamagitan ng pagsunod at pagsamba lamang sa Kanya. Hindi sapat ang pasasalamat lamang sa Kanya sa dila bagkus ay sa pamamagitan ng gawa. Alhamdulillah! Ang pinakamalaking biyaya na ipinagkaloob sa atin ni Allah dito sa Mundo ay ang Islam. Mapalad tayo mga kapatid sapagkat kabilang tayo sa mga pinagkalooban ni Allah ng biyayang ito – ang mapabilang sa mga mananampalataya sa Kanya. Sinabi ni Allah (Subhanahu Wa Ta’ala):

﴿ الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتْمَمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ الإِسْلاَمَ دِينًا ﴾ المائدة: 3

***“Ngayong araw na ito ay kinumpleto ko ang inyong relihiyon at biyayang ipinagkakaloob ko sa inyo. At Aking itinakda sa inyo ang Islam bilang inyong Relihiyon.”*** (Al-Maidah : 3)

Magpasalamat tayo kay Allah sapagkat tayo ay pinili Niya na mapabilang sa relihiyong Islam. Maraming ligaw na relihiyon ang naglipana sa Mundo ngunit tayo ay ginabayan ni Allah sa Islam, na sumasaksi sa Kaisahan ni Allah, “*La Ilaha*

*illallah”*, sumusunod sa Kanyang mga Utos at sa Sunnah ng Kanyang Huling Sugo na si Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Mapalad tayo sapagkat ang relihiyon natin ay Islam – ang relihiyon na tanging tatanggapin ni Allah sa Araw ng Pagbabangong-Muli. Biniyayaan tayo ni Allah na mapabilang sa Ummah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na nag-uutos ng mabuti at nagbabawal ng masama. Dapat din nating ibahagi sa ating kapwa ang Islam at ang kahalagahan ng pagsunod sa Sunnah ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

" بَلِّغُوا عَنِّي وَلَوْ آيَةً. " (رواه البخاري)

**“*Iparating ninyo ang aking Sunnah kahit isang Ayah*.”** (Inulat ni Al-Bukhari)

Ang Ummah na ito ang pinakamainam sa lahat ng Ummah at ito ang unang makakapasok sa Paraiso ni Allah. Ito ay isang karangalan at dakilang biyaya mula kay Allah. Sa bawat dalawang *Rak’ah* na *Sunnah* na itinatayo mo bago magsagawa ng Salatul Fajr ay higit pa sa Mundo at nilalaman nito ang gantimpala na ibibigay sa iyo ni Allah sa kabilang-buhay. Ang pagngiti sa iyong kapwa ay *Sadaqah* at ang pagtulong sa kanya ay higit na mainam kaysa sa isang buwang I’tikaf sa Masjid ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Napakaraming gawaing kabutihan ang binuksan sa atin ng Islam na nagtataglay ng malalaking gantimpala mula kay Allah. Ang lahat ng ito ay mga biyaya sa atin ni Allah na dapat nating ipinagpapasalamat sa Kanya. Alhamdulillah!

Mga alipin ni Allah, si Allah ay naghanda ng Paraiso sa kabilang-buhay para sa Kanyang mga alipin na patuloy sa pagsusumikap sa pagsunod at pagsamba lamang sa Kanya; isang napakagandang Tahanan na kung saan mamamalagi ang mga alipin ni Allah magpakailanman. Sa Paraiso, nakukuha natin ang lahat ng ating naisin; walang kalungkutan o anumang suliranin ang iyong mararamdaman, hindi ka tatanda, at hindi ka magkakasakit. Kung kaya’t habang tayo ay nabubuhay pa, tayo ay magsumikap sa pagsunod kay Allah, at laging hilingin sa Kanya ang Kanyang gabay at patnubay hanggang sa kahuli-hulihan ng ating hininga at dumating sa atin ang kamatayan na tayo ay Kanyang kinalulugdan.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ni Allah, lahat ng biyaya na ipinagkaloob sa atin ni Allah dito sa Mundo ay kinumpleto at tinupad Niya upang hindi tayo makapangatuwiran at magreklamo sa pagharap natin sa Kanya sa Araw ng Paghuhukom. Ipinagkaloob Niya sa atin ang napakaraming biyaya bilang Habag sa atin. Huwag hayaang tayo ay matulad sa mga walang pananampalataya at mga *Mushrik* na sumasamba sa mga rebulto na pinaniniwalaan nilang diyos na kung hingan ng tulong ay walang magagawa. Ang mga taong ito ay naligaw ni Iblis sa maling pananampalataya. Hindi nila ginagamit ang kanilang mga mata, tainga, mga puso, at isipan sa tamang kaalaman. Wala silang pasasalamat at pagpupuri kay Allah na Siyang lumikha sa kanila. Mas gugustuhin pa nilang paniwalaan ang kanilang mga ninuno at sundin ang sariling kagustuhan at pagnanasa kaysa sa kagustuhan ni Allah.

Hilingin natin kay Allah na panatilihin tayo sa Islam at maging matatag sa pagsunod sa Kanya, patawarin Niya tayo sa ating mga pagkakasala, at ibilang sa mga taong matatagumpay sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay kasama ng ating mga mahal sa buhay.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***